

COVID-19 PAGIGING HANDA

CHECKLIST SA LABOR/MANAGEMENT

EDUKASYON AT TRAINING

- Ang mga empleyado ay tinuturuan kung paano kumilala ng mga potensiyal na kaso ng sakit.
- Ang mga empleyado ay tinuturuan sa mga pinakahuling impormasyon kung paano lumilipat ang COVID-19 virus.
- Ang mga protokol sa paghuhugas ng kamay ay araw-araw na bibigyang diin.
- Ang mga empleyado ay pinaaalalahanang huwag pumasok sa trabaho kapag may sakit.
- Ang mga empleyado ay tinuturuan ng mga paraan ng pag-iingat sa pagkontak, sa mga patak (droplet) at mga airborne na germs sa pangangalaga ng mga pasyenteng may nakakahawang sakit.
- Ang mga empleyado ay tinuturuan ng pagsusuot at pagtatanggal ng mga pangkasuotan protektang.
- Ang mga empleyado ay sinasanay sa tamang paraan ng pagtatapon ng basura kaugnay sa mga pasyenteng may COVID-19.
- Ang mga EVS workers ay sinasanay sa ligtas na paraan ng paglilinis ng mga silid-kasama ang tamang haba ng oras na hihintayin bago pumasok sa silid at ang angkop na takip sa mukha na dapat isuot.

MGA PROTOKOL/ PANUNTUNAN

- May protokol sa pag-screen at pagsusuri ng mga pasyenteng maaring na-expose o nahawahan ng virus base sa mga sintomas, mga lugar na pinanggalingan at historya ng pagkalantad.
- May protokol na lagyan ng surgical mask ang mga pasyenteng maaring nagtataglay ng virus o ng iba pang nakakahawang sakit.
- May protokol na agad ihiwalay ang mga pasyenteng mayroong virus – pinakamabuting ipalagi sila sa mga silid na may negative pressure (mga silid na may sariling bentilasyon na hiwalay sa regular na sistema ng bentilasyon upang maiwasan ang kalat na kontaminasyon) at panatilihing laging sarado ang pinto ng silid.
- Maliwanag na itatalaga ang mga isolation rooms at ang mga empleyadong hindi kailangan at ang mga miyembro ng publiko ay pananatilihing malayo dito.
- May protokol na magreport ang mga empleyado ng potensiyal na pagkalantad, sumailalim sa pag-susuri, gamutin, at alisin sa

workplace o pinagtatrabahuan (na tuloy ang buong sahod, seniority at benepisyo bilang empleyado) sa panahon ng incubation kung nararapat.

- May protokol sa pag-aalis at pangangasiwa ng lalagyan ng pagkainan mga pasyenteng may COVID-19 virus.
- May protokol na bigyan ng training ang mga empleyadong maaaring na-expose kung paano poprotektahan ang kanilang mga pamilya sa bahay at siguruhin na sila ay mayroong ng mga kinakailangang kasangkapan sa bahay.

SILID AT KASANGKAPAN

- May sapat na negative pressure isolation rooms at alam natin kung nasaan sila.
- Alam natin ang mga planong gawing isolation rooms ang ibang wards kung kinakailangan.
- Mayroong sapat na dami ng N95 at PAPR respirator masks upang matugunan ang biglang pagdami ng mga pasyente.
- Ang mga trabahador na tagapangalaga ng pasyente ay susuriin para bigyan ng medical clearance at susukatan ng ugmang N95 respirator mask at sasanayin sa tamang paggamit nito.
- Mayroong sapat na dami ng nitrile gloves upang matugunan ang mabilis na pagdami ng pasyente.
- Mayroong sapat na dami ng isolation gowns upang matugunan ang mabilis na pagdami ng pasyente.
- Mayroong sapat na dami pangtakip sa mukha o facial shields upang maprotektahan ang mata, ilong at bibig.

PAGTATAKDA NG STAFF (STAFFING)

- May sapat na dami ng bilang na empleado na magsisilbi sa mga potensiyal na mga pasyente. Hindi magtitipid pagdating sa pagtatakda ng sapat na dami ng staff.
- May mga updated na "stand-by staffing" para sa mga kritikal na kondisyon na tutugon sa mga kinakailangan.

KOMUNIKASYON

- Ang mga namumuno sa ospital ay madalas na nagsasagawa ng forum para sa mga empleyado upang magbigay ng updates, patibayin ang mga protokol sa pagsugpo ng pagkalat ng virus at labanan ang pagkalat ng maling impormasyon.
- Ang mga namumuno sa ospital ay regular na makikipag-ugnay sa mga labor partners upang tiyakin ang epektibong komunikasyon.